# *CHRISTOPHER BRYAN CONCHA*

Si Christopher Bryan Concha ay nagtapos ng AB Philippine Studies major in Filipino and Mass Media bilang magna cum laude sa Pamantasang De La Salle – Maynila. Nailathala na ang kaniyang mga sanaysay sa ANI 40: Katutubo ng CCP at Hay Skul: Mga Sanaysay na Hindi Pang-Formal Theme ng Visprint. Napili rin siya bilang isa sa mga fellow ng 2019 UST National Writers' Workshop. Sa kasalukuyan, kinukuha niya ang kaniyang Master of Arts in Philippine Studies sa kaparehong pamantasan, kasabay ng pagiging research apprentice ng DLSU Bienvenido N. Santos Creative Writing Center (BNSCWC).

# PABULONG

*Gaya ng nasusulat, "Walang matuwid, wala, kahit isa."*

ROMA 3:10

"At ang makatatanggap ng parangal bilang huwarang mag-aaral ng Grade 7 sa taong ito ay walang iba kundi si… Saul!" Malakas na hiyawan ang bumalot sa klase. Masaya nilang binati at kinamayan si Saul.

"Hindi kataka-takang ikaw ang mapipili. Isa kang modelo sa loob at labas ng klase. Palagi kong inaabangan ang mga nakaka-inspire mong post sa Facebook," natutuwang pagbabahagi ng kaniyang kamag-aral. Mabilis na kumalat ang anunsyo sa paaralan. Kabi-kabilang pagbati ang natanggap ni Saul mula sa mga kaeskuwela at mga guro, na sinuklian din niya ng matamis na pasasalamat.

Pagkatapos ng klase, nananabik na umuwi si Saul sa kanilang bahay. Agad niyang ibinalita sa ina ang natamong pagkilala. "Thank God! Ibahagi mo 'yan sa congregation sa darating na Linggo. Tiyak na matutuwa ang ating mga kasamahan sa simbahan," ani ng kaniyang ina.

Dumiretso sa kuwarto si Saul matapos ang hapunan. Binalikan niya ang sinimulang burador para sa kaniyang FB post kaugnay ng nakuhang parangal. Nang matapos ang kaunting rebisyon, kinuha niya ang selpon at binuksan ang FB.

Bumulaga sa kaniya ang isang post ng kamag-aral noong elementarya. May caption ito na, “PM is the key.” Nang tiningnan niya ang larawan, nakita niya ang sikat na artistang babae na nakapatong sa isang hindi kilalang lalaki. Kapwa hubo’t hubad ngunit may sensura ang maseselang bahagi ng kanilang katawan.

Panandalian siyang napatitig sa larawan. Inusisa niya ang mga komento sa larawan: “Pabulong naman ng link, ser.” “Nag-pm na ako, pls check.” “Sinong may link dito?”

Bumilis ang kabog ng dibdib ni Saul. Pinindot niya ang profile ng dating kamag-aral at nagpadala ng mensahe. “Bro, kumusta ka na?” Wala pa mang isang minuto, sumagot na ang dating kamag-aral. “Okay naman, bro. Ikaw ba?”

Hindi agad nakasagot si Saul. Muli niyang tiningnan ang ipo-post niya sanang inspirational message. Ilang sandali pa, binalikan niya ang naiwang kausap. “Wala naman, bro. Nakita ko lang post mo.”

“Pabulong naman, bro.”